PAKIKIPAG-UGNAY SA KONSEHO

PAKIKIPAGTALASTASAN

Mayroon ka bang puna sa mga isyu at desisyon sa kasalukuyan ng Konsehong Munisipal?

Ang mga paksa sa pagsusulatan,na nauukol sa "Alkalde at Konseho", ay dapat isumite sa tanggapan ng Alkalde sa pamamagitan ng:

- pagsusumite sa email sa info@town.jasper.ab.ca;
- pag-email sa lahat ng mga miyembro ng Konseho; o
- pagsusumite ng isang Komentaryo sa website ng munisipyo (www.jasper-alberta.com/feedback).

Ang mga miyembro ng publiko ay maaari ring magsumite ng sulat sa papel, sa pamamagitan ng koreo, fax o paghahatid ng personal sa administrasyong opisina ng Munisipalidad ng Jasper (303 Pyramid Lake Rd., Jasper, Alberta, T0E 1E0)

Mangyaring tandaan na ang mga bagay o paksa sa pagsusulatan na nakakatugon sa pamantayan sa Patakaran ng Pagsusulatan ng Konseho ay i-konsidera bilang adyenda ng usapin sa publiko, gayunpaman, ang Chief Administrative Officer sa huli ay ang magtutukoy kung saan ang ruta ng mga aytem sa pagsusulatan.

Basahin ang buong patakaran at pamamaraan:

- Patakaran ng Pagsusulatan ng Konseho o Council Correspondence Policy (PDF)
- Pamamaraan ng Pasusulatan ng Konseho o Council Correspondence Procedures (PDF)

Ang mga impormasyon ng bawat konseho ay matatagpuan dito: www.jasper-alberta.com/council Mag-scroll pababa sa seksiyon ng mga miyembro

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN
Legislative Services Coordinator
Email: info@town.jasper.ab.ca | Phone: 780-852-6503

PAKIKIPAG-UGNAY SA KONSEHO

PAGTATANGHAL SA KONSEHO

Upang humarap sa Konseho sa anumang paksa mangyaring makipag-ugnayan sa Legislative Services Coordinator sa info@town.jasper.ab.ca or 780-852-6503.

Ang mga pagtatanghal ay dapat na naka-iskedyul ng dalawang linggo bago matugunan ang iyong hangarin iharap sa knila.

MGA PAALALAHANAN SA PAGTATANGHAL

Istraktura ang iyong pagtatanghal: Mayroon kang hanggang limang minuto upang magsalita. Ipakilala ang iyong sarili at maikling ilarawan ang iyong kaugnayan sa isyu.

Sabihin ang iyong paksa: Kung humihiling ka ng aksyon upang matugunan ang isang tiyak na isyu, ilarawan ang isyu at ang aksyon na nais mong gawin ng Konseho. Kung humihiling ka ng pondo, sabihin ang halaga at layunin ng pagpopondo.

Magbigay ng impormasyon sa background kung naaangkop: Halimbawa, maaaring gusto mong pag-usapan kung gaano na katagal ang isyu o paano ka naapektuhan at ang iyong mga kasamahan. Para sa kahilingan sa pagpopondo, magandang ideya na ibigay ang iyong impormasyon sa badyet at iba pang kita na mayroon ka o mga tinataguyod.

Mag-handa para sa iyong tagumpay: Maaari kang magpa-book ng isang projector o laptop upang makatulong sa iyong pagtatanghal. Mangyaring magpa-book sa Legislative Services Coordinator bago ang iyong miting.

Kung humihiling ka para sa pagpopondo o upang malutas ang isang problema, Ibabatay ng Konseho ang kanilang desisyon sa halaga nito sa pamayanan, ang nakalaan na badyet at/o magagamit na tauhan. Ang ilang mga bagay na isasaalang-alang ay:

- Mayroon ka bang suporta mula sa isang sektor sa pamayanan?
- Naaangkop ba ang iyong kahilingan sa mga Madiskarteng Priyoridad ng Konseho?
- Maaari bang maghintay ang iyong kahilingan hanggang sa pagsangguni sa badget (karaniwan sa taglagas o fall)?